# KABANATA 1:
# Ang Kinalalagyan ng Pilipinas

Ang kinalalagyan ng isang bansa ay may mahalagang ginagampanan sa pamumuhay, pagtugon ng pamahalaan sa mga pangangailangan, at pagpapanatili ng kalayaan ng mga tao rito. Bilang isang Pilipino, mahalagang matukoy mo ang lokasyon ng Pilipinas sa Asya at mundo batay sa mga nakapaligid dito gamit ang tiyak at relatibong lokasyon. Matututuhan mo ang mga ito sa kabanatang ito.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Anong kathang guhit ang humahati nang pahalang sa globo sa dalawang hemispero o hating-globo?
   A. latitud
   B. ekwador
   C. longhitud
   D. Prime Meridian

2. Anong kathang guhit ang humahati sa mundo sa silangang hemispero at kanlurang hemispero na dumadaan sa Greenwich, England?
   A. ekwador
   B. guhit latitud
   C. guhit longhitud
   D. Prime Meridian

3. Ano ang tawag sa distansiya ng mga lugar sa hilaga at timog mula sa ekwador?
   A. grid
   B. polo
   C. latitud
   D. longhitud



LIVEWORKSHEETS

4. Ano ang tawag sa distansiya o layo ng mga lugar sa silangan o kanluran ng Prime Meridian?
   A. latitud
   B. ekwador
   C. longhitud
   D. Pandaigdigang Guhit ng Petsa

5. Ano ang mga kathang guhit na patayo at pahalang ang nagsasalubong o nagtatagpo sa globo o mapa?
   A. grid
   B. polo
   C. hemispero
   D. Pandaigdigang Guhit ng Petsa

6. Ano ang tawag sa lokasyon ng isang lugar na mahahanap sa mapa sa pamamagitan ng pagtukoy sa eksaktong kinalalagyan nito?
   A. lokasyong bisinal
   B. relatibong lokasyon
   C. *absolute* o tiyak na lokasyon
   D. nakapaligid na lokasyon

7. Batay sa relatibong lokasyon, aling mga nakapaligid sa isang lugar ang dapat hanapin upang matukoy ang kinaroroonan nito?
   A. anyong lupa
   B. anyong tubig
   C. iba pang mga lugar
   D. anyong lupa at tubig

8. Ano ang tawag sa lokasyon ng isang lugar na natutukoy sa pamamagitan ng mga katabi o nakapaligid na anyong lupa?
   A. *absolute* o tiyak
   B. lokasyong bisinal
   C. lokasyong insular
   D. relatibong lokasyon



LIVEWORKSHEETS

9. Kung pagbabatayan ang lokasyong insular, alin sa mga sumusunod ang hahanaping nakapaligid sa isang lugar?
   A. mga bansa
   B. anyong lupa
   C. anyong tubig
   D. iba pang lugar

10. Ano ang *absolute* o tiyak na lokasyon ng Pilipinas kung ang pagbabatayan ay ang ekwador at Prime Meridian?
   A. ibaba ng ekwador at nasa kanluran ng Prime Meridian
   B. itaas ng ekwador at nasa silangan ng Prime Meridian
   C. silangan ng ekwador at nasa itaas ng Prime Meridian
   D. kanluran ng ekwador at nasa ibaba ng Prime Meridian

11. Anong uri ng lokasyon ang tinutukoy ng sumusunod na paglalarawan: "Ang Pilipinas ay nasa pagitan ng 4 digri hanggang 21 digri hilagang latitud at 116 hanggang 127 digri silangang longhitud?"
   A. lokasyong bisinal batay sa latitud
   B. lokasyong insular batay sa longhitud
   C. lokasyong relatibo batay sa latitud at longhitud
   D. lokasyong *absolute* batay sa latitud at longhitud

12. Ano ang tawag sa mga direksiyong tumutukoy sa hilaga, silangan, timog, at kanluran?
   A. pangunahing direksiyon
   B. pang-isahang direksiyon
   C. pangalawang direksiyon
   D. pangmaramihang direksiyon

13. Ano ang tawag sa mga direksiyong tumutukoy sa hilagang-silangan, hilagang-kanluran, timog-silangan, at timog-kanluran?
   A. pangunahing direksiyon
   B. pang-isahang direksiyon
   C. pangalawang direksiyon
   D. pangmaramihang direksiyon



LIVEWORKSHEETS

14. Anong bansa ang makikita sa timog ng Pilipinas?
   A. Tsina
   B. Hapon
   C. Vietnam
   D. Indonesia

15. Aling anyong tubig ang nasa hilagang-kanluran ng Pilipinas?
   A. Dagat Tsina
   B. Dagat Celebes
   C. Karagatang Atlantiko
   D. Karagatang Pasipiko



LIVEWORKSHEETS